Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
Bayan ng Lumban
**TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN**

**SIPI SA KATITIKAN NG PULONG PANGKARANIWAN NG KGG. SANGGUNIANG BAYAN NG LUMBAN, LAGUNA NA GINANAP SA BULWAGANG ATTY. BENJAMIN E. AGARAO SR. NOONG IKA-25 NG MAYO, 2021 SA GANAP NA IKA-09:20 NG UMAGA.**

**MGA DUMALO:**

| | |
|---|---|
| KGG. BELEN B. RAGA | ----------------*Tagapangulo/Pangalawang Punumbayan* |
| KGG. RHODA DM. RABIE | ---------------- Kagawad |
| KGG. ROSE ANN R. AÑONUEVO | ---------------- Kagawad |
| KGG. IRENEO R. BALDOVINO | ---------------- Kagawad |
| KGG. GERONIMO P. SAMONTE JR. | ---------------- Kagawad |
| KGG. SHERYLL TABLICO-GAURINO | ---------------- Kagawad |
| KGG. ORLANDO R. DE LUNA | ---------------- Kagawad |
| KGG. JOHN ALBERT C. RANA | ---------------- Kagawad |
| KGG. EDGARDO B. GONZALES | ---------------- Kagawad |
| KGG. ARIEL D. AÑONUEVO | ---------------- Pangulo-LNB |
| KGG. DONNIE L. DE VENECIA | ---------------- Pangulo-PSK |

## KAPASIYAHANG BLG. 39 T. 2021

**KAPASIYAHANG MAPITAGANG HUMIHILING KAY KGG. BENJAMIN C. AGARAO JR. KINATAWAN NG IKA-4 NA DISTRITO NG LAGUNA, NA ISAILALIM SA ROAD ENHANCEMENT ANG LAGUMBAY ROAD UPANG MATAMBAKAN AT MAITAAS ANG ELEVATION NITO NG SA GAYON AY MANATILING NADARAANAN LALO NA KUNG DUMARATING ANG MALAWAKANG PAGBAHA BUNSOD NG PAGLAKI NG TUBIG SA LAWA NG LAGUNA**

**Akda ni KGG. IRENEO R. BALDOVINO**
Tagapangulo ng Lupon ng Agrikultura

**SAPAGKAT**, ang Lagumbay Road ay isa sa mga pangunahing kalsada patungo at palabas ng kabayanan ay nangangailangan na manatiling nadaranan at nakarugtong sa road network system sa bayan at lalawigan kahit na sa panahon ng malawakang pagbaha upang patuloy na dumadaloy ang pagpasok ng komersyo sa pamamagitan ng naturang daan;

**SAPAGKAT**, sa pamamagitan pa rin nito ay mabilis na maihahatid ang iba't ibang uri ng serbisyo at tulong mula sa iba't ibang sangay ng lokal at pambansang pamahalaan para sa mga naapektuhan ng baha, gayun din sa pagpapanatiling nadaraanan ang Lagumbay Road ay patuloy na makapapasok ang mga mag-aaral na naninirahan sa Barangay Lewin (Ibaba) sa mga pangunahing paaralan sa kabayanan;

**SAPAGKAT**, ang pagtataas sa elevation ng Lagumbay Road at titiyak din sa quick emergency response kung sakaling magkaroon ng aberya sa mga barangay sa timugang bahagi ng bayan gaya ng Barangay Wawa, Segunda Pulo, Primera Pulo at Balimbingan;

**DAHIL DITO**, sa mungkahi ni **Kgg. Ireneo R. Baldovino** na pinangalawahan ni Kgg. Rose Ann R. Añonuevo at sinang-ayunan ng lahat ng nagsidalo ay;

**IPINASIYA**, ng gaya ng dito ay **IPINAPASIYA**, na mapitagang humihiling kay Kgg. Benjamin C. Agarao Jr. Kinatawan ng ika-4 na Distrito ng Laguna, na isailalim sa road enhancement ang Lagumbay Road upang matambakan at maitaas ang elevation nito ng sa gayon ay manatiling nadaraanan lalo na kung dumarating ang malawakang pagbaha bunsod ng paglaki ng tubig sa Lawa ng Laguna.

**IPINASIYA PA RIN**, na padalhan ng sipi ng Kapasiyahang ito ang tanggapan ng minamahal na Kinatawan ng ika-4 na Distrito ng Laguna at sa iba pang mga kinauukulang tanggapan para sa kanilang kabatiran at wastong hakbang.

**PINAGTIBAY,** ngayong ika-25 ng Mayo, 2021.

**PINATUTUNAYAN KO,** ang katumpakan at kawastuan ng kapasiyahang ito.

**CORAZON B. PADUA**
*Kalihim ng Sangguniang Bayan*

**Nagpatotoo:**

**BELEN B. RAGA**
*Pangalawang Punumbayan/Tagapangulo ng Sesyon*

**Pinagtibay:**

**ROLANDO G. UBATAY**
*Punumbayan*

*Xcerpt052521res39*